

NE 130th St & NE 125th St Proyekto sa Pagkilos at Kaligtasan

2024



Ang mga pagpapabuti sa paglalakad, pagbibisikleta, at pagbibiyaha na darating sa inyong kapitbahayan!

Gumagawa kami ng mga pagpapabuti sa NE 130th St, Roosevelt Way NE, at NE 125th St mula 1st Ave NE hanggang sa silangan ng Lake City Way NE! Ang mga pagbabagong ito ay gagawing mas ligtas at mas madali para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, gumugulong, at sumasakay ng bus. Matutulungan din nila kayo na makapunta sa bagong istasyon ng light rail sa NE 130th St malapit sa I-5. Halos 4,000 araw-araw na byahero ang inaasahan, na 90% ng mga byahero ay naglalakad, nagbibisikleta, o sumasakay upang makarating doon.

Ang mga sumusunod na pagpapabuti ay bahagi ng proyekto:

- Protektadong daanan ng mga bisikleta na may konkretong mga bakuran nang mas ligtas ang pagbibisikleta
- Mga paghuhusay sa serbisyo ng bus na may bago at napabuting mga hintuan ng bus, mga bus lang na daanan, at mga pag-pabuti ng signal upang bigyan ang mga bus ng maagang pagsisimula
- Mas ligtas na disenyo ng kalye at interseksyon upang makatulong na maiwasan ang malubha at nakamamatay na banggaan
- Mas ligtas na mga tawiran sa kalye na may mga bagong signal para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta, at gumugulong, at mga na-pabuting signal na nagpapahintulot sa mga tao na maglakad o gumulong bago ang mga kotse at trak
- Mga pag aayos sa bangketa at mga bagong kurbada ng rampa sa ilang mga lugar

I-scan ang QR code upang bisitahin ang aming website. Maaari ninyong alamin ang tungkol sa proyekto at maaaring lumahok para sa mga makatanggap ng mga pagbabago ng proyekto.



Maaari kayong makisali sa mga ganitong paraan:

- Sumali sa isang kaganapang pop up sa kapitbahayan
- Sumali sa isang pulong sa komunidad
- Kilalanin ang aming pangkat sa panahon ng isang pagbisita sa kapitbahayan

Makipag-ugnayan sa Proyekto kay:

Drue Nyenhuis

NE130thSt_NE125thSt_Project@seattle.gov

(206) 400-7515

www.seattle.gov/transportation/NE130thMobilityProject




Seattle
Department of
Transportation



King County
METRO

Palatakdang oras ng Proyekto



↖ Kami ay nandito

- **Pagpapalano (2023):** Nagdisenyo kami ng mga pagpapabuti sa kaligtasan at sa pag-aakseso na may input mula sa komunidad.
- **Disenyo (2023-2025):** Lumikha at magbahagi ng mga panukala sa disenyo para sa naibalik ng puna ng komunidad.
- **Konstruksyon (2025-2026*):** Ibabahagi namin ang mga iskedyul ng konstruksiyon, mga aktibidad, at mga epekto.
- **Nagsisimula ang serbisyo ng light rail (2026):** Bisitahin ang website ng Sound Transit para sa kasalukuyang impormasyon sa NE 130th St Infill Station.

*Ang mga iskedyul ng konstruksiyon ay maaaring magbago batay sa mga tauhan at materyal na mayroon.

Ang proyektong ito ay magkakaroon ng mga maliliit na epekto sa Northacres Park na matatagpuan sa pagitan ng NE 130th St at Interstate 5. Ang mga kaunting pagbabago sa kanto ng 1st Ave NE at NE 130th St at malapit sa Interstate 5 sa rampa ay mangangailangan ng mga permanenteng pagbabago sa loob ng pagmamay-ari ng Seattle Parks & Recreation:

- Pag-lagay ng bagong alinsunod sa ADA na kurbadang rampa sa kanto ng 1st Ave NE at NE 130th St na gagamit ng humigit kumulang na 72 metrong kwadrado na pagmamay-ari ng Northacres Park.
- Muling pagtatayo ng bangketa sa kahabaan ng NE 130th St malapit sa Interstate 5 sa rampa upang magbigay ng mas malawak na espasyo sa paglalakad at payagan ang sapat na espasyo para sa na- na-pabuting mga daanan ng sasakyan sa silangan.

Ang mga kaunting pagbabago sa loob ng Northacres Park ay natukoy na *de minimis* sa ilalim ng Seksyon 4 (f) ng US Department of Transportation (USDOT) na Batas nung 1966.

Ang epekto ng *de minimis* ay isa na hindi masamang makakaapekto sa mga tampok, katangian, o aktibidad na kwalipikado ang ari arian para sa proteksyon sa ilalim ng Seksyon 4 (f). Ang pagsunod sa Seksyon 4 (f) ay kinakailangan para sa mga proyekto na tumatanggap ng pederal na pagpopondo.

Makipag-ugnayan sa Proyekto kay:

Drue Nyenhuis
 NE130thSt_NE125thSt_Project@seattle.gov
 (206) 400-7515
www.seattle.gov/transportation/NE130thMobilityProject

